

BAWAT TAGA-ALBERTA NA MAAARING MAGPABAKUNA AY DAPAT MAGPABAKUNA

Ligtas ang mga bakuna. Ang mga bakuna ay nagliligtas ng mga buhay.

Ang pagpapabakuna ay ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan ka, ang iyong mga mahal sa buhay, at ang iyong komunidad mula sa COVID-19.

Kunin ang iyong mga pagbabakuna ngayon

Pinapalakas ng mga bakuna ang ating mga sistemang panlaban sa sakit sa pamamagitan ng pagbuo ng mga antibody upang makatulong na pigilan at labanan ang sakit.

Ang lahat ng aprubadong mga bakuna para sa COVID-19 ay ligtas, epektibo, at nakakaiwas sa malubhang sakit. Kung mas marami sa atin ang nabakunahan, mas maaga tayong makasama ang mga taong pinapahalagahan natin. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga bakuna at iyong kalusugan, kumunsulta sa iyong doktor.

Gumawa ng iyong tipanan:

- Bisitahin ang alberta.ca/vaccine
- Tumawag sa 811 o makipag-usap sa iyong doktor o parmasyutiko
- Kailangan ng sakay? Tumawag sa 211

Ang mga katotohanan

Lahat ng aprubadong bakuna ay sinasaliksik hanggang sa mapatunayang ligtas.

Natugunan ng mga bakuna sa COVID-19 ang mahigpit na pamantayan para sa kaligtasan, kalidad, at pagiging epektibo. Parehong ganap na inaprubahan ng Health Canada ang Moderna Spikevax at Pfizer-BioNTech Comirnaty. Ang bakunang AstraZeneca Vaxzevria ay awtorisado para sa paggamit sa Canada sa ilalim ng pansamantalang utos.

Kahit na ang mga bata at malulusog ay dapat mabakunahan.

Kahit sino ay maaaring magkasakit nang malubha mula sa COVID-19 at mauwi sa ospital, o mas malala pa. Libu-libong mga taga-Alberta ang namatay, kabilang ang maraming kabataan, dating malulusog na tao.

Kung nagkaroon ka na ng COVID-19, dapat ka pa ring magpabakuna. Ang pagkakaroon ng COVID-19 ay nagbibigay ng ilang natural na proteksyon o kaligtasan sa sakit, ngunit pinag-aaralan pa rin namin kung gaano ito katagal at kung gaanong katagal ang pangmatagalang proteksyon na ibinibigay nito. Upang makuha ang pinakamahusay na proteksyon, dapat kang magpabakuna kahit na nagkaroon ka ng virus.

Humigit-kumulang 90% ng mga taga-Alberta na pumasok sa ICU ay hindi nabakunahan

Ito ay nangangailangan ng panahon upang bumuo ng kaligtasan sa sakit.

Ang iyong katawan ay nangangailangan ng panahon upang bumuo ng mga panlaban nito - hindi bababa sa dalawang linggo pagkatapos ng bawat dosis ng bakuna. Gayunpaman, kailangan mong patuloy na sundin ang mga alituntunin ng pampublikong kalusugan na nasa lugar upang maiwasan ang pagkalat.

Ang mga bakuna ay mas hindi gaanong mapanganib kaysa sa pagkuha ng COVID-19.

Para sa mga taga-Alberta, ang mga panganib sa kalusugan mula sa pagkuha ng COVID-19 ay mas malaki kaysa sa mga panganib mula sa pagkuha ng mga bakuna. Ang tanging pagbubukod ay ang mga may kasaysayan ng mga reaksiyong anaphylactic sa mga sangkap ng bakuna.

Noong Oktubre 13, humigit-kumulang 80% ng mga taga-Alberta sa ospital na may COVID-19 ay hindi pa ganap na nabakunahan. Kabilang dito ang halos 90% ng mga ipinasok sa ICU. Sa pamamagitan ng hindi pagpapabakuna, ipinagpapalit mo ang isang maliit na panganib para sa isang mas malubhang panganib.

Mga sagot sa mga karaniwang alamat at mga tanong

Tungkol sa mga bakuna sa COVID-19

Paano gumagana ang mga bakuna?

Lahat ng mga bakuna na kasalukuyang inaalok sa Alberta (Moderna, Pfizer at AstraZeneca) ay nagtuturo sa ating mga katawan kung paano tayo poprotektahan mula sa virus na nagdudulot ng COVID-19, ngunit gumagamit ng iba't ibang mga paraan upang pasiglahin ang sistema ng panlaban sa sakit:

- **Ang Moderna at Pfizer ang mga pinakakaraniwang bakuna sa ngayon.** Ang mga bakunang ito ay nagtuturo sa ating katawan kung paano gumawa ng mga antibody na lumalaban sa COVID-19. Ang mga mananaliksik ay nag-aaral at nagtatrabaho sa mga mRNA na bakuna saloob ng mga dekada.
- **Ang AstraZeneca ay inaalok lamang kung ang isang tao ay hindi maaaring kumuha ng Moderna o Pfizer.** Ito ay isang “viral vector na bakuna.” Ibig sabihin, ang mga tagubilin tungkol sa kung paano labanan ang COVID-19 ay dala ng isang hindi nakakapinsalang karaniwang sipon na virus. Ang virus sa bakuna ay hindi makakapagdulot sa iyo ng sakit at natural na aalisin ito ng iyong katawan.

Ang mga bakuna ay hindi naglalaman ng COVID-19 o babaguhin ang iyong DNA sa anumang paraan.

Ano ang nilalaman ng mga bakuna?

Ang mga bakuna ay naglalaman ng mga aktibong sangkap na nagtuturo sa iyong sistema ng panlaban sa sakit kung paano labanan ang COVID-19, kasama ang maliit na halaga ng iba pang mga sangkap, na lahat ay nakakatulong na panatilihin ligtas ang mga bakuna at bumuo ng kaligtasan sa sakit ng iyong katawan. Mahahanap mo ang kumpletong listahan ng mga sangkap para sa bawat bakuna sa website ng Health Canada.

Ligtas ba ang mga sangkap sa mga bakuna?

Ang lahat ng mga sangkap na ito ay ligtas sa maliit na halaga na ginagamit sa mga bakunang ito. Maaaring narinig o nabasa mo na ang ilang mga sangkap ng bakuna ay nakakapinsala, ngunit ito ay totoo lamang sa mas mataas na halaga kaysa sa mga nasa loob ng mga bakuna.

Gaano kabisa ang mga bakuna?

Ang lahat ng bakuna sa COVID-19 sa Alberta ay nagbibigay ng malakas na proteksyon mula sa malubhang karamdaman, pagkakaospital at kamatayan. Ang Pfizer at Moderna COVID-19 na mga bakuna ay magkatulad – pareho silang napaka-epektibo, napakaligtas, at pinag-aralang mabuti.

Sa Alberta, ang bakunang **Pfizer** ay 90% na epektibo sa pagpigil sa impeksyon at nagbibigay ng malakas na proteksyon laban sa malubhang karamdaman pagkatapos ng dalawang dosis.

Sa Alberta, ang bakunang **Moderna** ay 91% na epektibo sa pagpigil sa impeksyon at nagbibigay ng malakas na proteksyon laban sa malubhang karamdaman pagkatapos ng dalawang dosis.

Sa Alberta, ang bakunang **AstraZeneca** ay 89% na epektibo sa pagpigil sa impeksyon at nagbibigay ng malakas na proteksyon laban sa malubhang karamdaman pagkatapos ng dalawang dosis.

Ganap na bang inaprubahan ng Health Canada ang mga bakunang ito?

Ang mga bakunang Moderna at Pfizer-BioNTech ay ganap na naaprubahan para sa paggamit ng Health Canada. Ang bakunang AstraZeneca sa COVID-19 ay kasalukuyang inaprubahan sa ilalim ng isang pansamantalang utos.

Ibahin ba o babaguhin ng mga bakuna ang iyong DNA?

Hindi binabago ng mga bakunang inaalok sa Alberta ang iyong DNA sa anumang paraan.

Naglalaman ba ang mga bakuna sa COVID-19 sa Alberta ng tisyu ng pangsanggol?

Hindi. Wala sa mga bakuna ang naglalaman ng anumang mga selula o tisyu ng pangsanggol. Habang ang paggawa ng bakunang AstraZeneca ay gumagamit ng mga linya ng selula ng tao na lumago sa laboratoryo, alinman sa Pfizer o Moderna na mga bakuna sa COVID-19 ay gumagamit ng proseso ng produksyon na ito kapag gumagawa ng mga bakuna.

Tungkol sa mga bakuna sa COVID-19

Sino ang dapat magpabakuna?

Dahil ang COVID-19 ay isang bagong virus, walang sinuman ang may dating kaligtasan sa sakit. Sino ang dapat magpabakuna? Ang bawat karapat-dapat na taga-Alberta ay dapat mabakunahan.

Magkano ang halaga para mabakunahan?

Ang bakuna sa COVID-19 ay libre. Walang gastos.

Bakit ako dapat magpabakuna?

Pinoprotektahan ka ng mga bakuna mula sa malalang sakit, pagkakaospital, at kamatayan. Ang pagkaantala o pagtanggig sa pagkuha ng iyong mga dosis ay nagdudulot ng malubhang panganib, kabilang ang pagkakaospital, pagpasok sa ICU, at kamatayan.

Ang pagpoprotekta sa iyong sarili ay nagiging mas mahirap para sa virus na kumalat sa ibang tao. Pinoprotektahan din nito ang mga hindi nabakunahan, kabilang ang mga sanggol, o mga taong may pinahinang sistemang laban sa sakit ng mga bagay tulad ng chemotherapy para sa kanser.

Mabibigyan ka ba ng mga bakuna sa COVID-19 ng COVID-19?

Hindi, ang mga bakunang ito ay hindi makapagbibigay sa iyo ng COVID-19. Walang COVID-19 sa loob ng alinman sa mga bakunang ginamit sa Alberta.

0.7% ng mga nabakunahang taga-Alberta ay nasuring mayroong COVID-19

Gumagana ba ang mga bakuna laban sa mga variant?

Oo. Ang mga bakuna ay epektibo laban sa lahat ng mga variant. Sa Alberta, ang isang dosis ng bakuna ay 57% na epektibo laban sa Delta variant (B.1.617) at ang dalawang dosis ay 89% na epektibo.

Ang mga bakuna ba ay nagiging sanhi ng pagkalat ng mga alalahaning variant?

Hindi. Nakakatulong ang mga bakuna na bawasan ang pagkalat ng mga variant sa Alberta Kung mas maraming tao ang ganap na nabakunahan, mas mababa ang paghahatid ng COVID-19.

Kailangan ba ng mga batang 12-18 taong gulang ang bakuna?

Oo. Maaaring mapigilan ng mga bakuna ang iyong anak sa pagkuha at pagkakatatag ng COVID-19 na virus. Habang ang mga sintomas ng COVID-19 sa mga bata ay kadalasang banayad, ang ilan ay maaaring magkasakit nang husto at magdusa ng mga pangmatagalang epekto. Ito ay totoo lalo na para sa mga may pinagbabatayan na mga kondisyon sa kalusugan. Ang mga bata ay maaari ring maghatid ng virus sa iba kung sila ay nahawahan, kahit na wala silang mga sintomas. Ang mga bakuna sa COVID-19 ay nagpoprotekta laban sa mga potensyal na pinsalang ito sa mga bata at iba pa, kabilang ang mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan.

Dahil karamihan sa mga tao ay nabakunahan na, kailangan ko pa bang magpabakuna?

Oo. Noong Oktubre 13, ang mga taga-Alberta na hindi pa ganap na nabakunahan ay humigit-kumulang 15 beses na mas malamang na mapunta sa ospital mula sa COVID-19, at humigit-kumulang 30 beses na mas malamang na kailangang ipasok sa ICU. Iyon ang dahilan kung bakit ang pagpapabakuna ay ang tamang pagpipilian.

Ang mga taga-Alberta na hindi nabakunahan ay 30 beses na mas malamang na mapunta sa ICU.

Bakit ako maaaring mahawahan pa rin ng COVID-19 pagkatapos mabakunahan?

Ang dalawang dosis ng bakuna sa COVID-19 ay nagpoprotekta sa karamihan ng mga tao mula sa pagkakasakit, pagpunta sa ospital, o mamatay kung sila ay nahawahan ng virus. Sa katunayan, 0.5% ng mga taga-Alberta na ganap na nabakunahan ay nasuring may COVID-19.

Gayunpaman, walang bakuna ay 100% epektibo. Ang napakaliit na porsyento ng mga taong ganap na nabakunahan ay magkakaroon pa rin ng COVID-19 kung sila ay nalantad sa virus. Ngunit kahit na sa mga kasong ito, ang bakuna ay lubhang binabawasan ang pagkakataon na ikaw ay magkasakit o mamatay.

Tungkol sa mga bakuna sa COVID-19

Ligtas ba ang mga bakuna? Paano mo nalaman?

Oo, ligtas ang mga bakuna sa COVID-19. Mahigit sa 6 na milyong dosis ang ligtas na naibigay sa Alberta, at daan-daang milyon ang naibigay sa buong mundo.

Ang katibayan ay malinaw: ang mga bakuna ay ligtas, at ang mga benepisyong pagpapabakuna ay mas malaki kaysa sa mga panganib.

Karaniwan ba ang malubhang mga epekto pagkatapos ng bakuna?

Hindi, ang mga ulat ng malubhang mga epekto ay bihira. Sa mahigit 6 na milyong dosis ng bakuna sa Alberta, may humigit-kumulang 1,700 na naiulat na may masamang pangyayari. 99.98% ng mga nabakunahang taga-Alberta ay walang malubhang mga epekto.

Kapag nangyari ang malubhang epekto, kadalasang banayad at magagamot ang mga ito, tulad ng reaksiyong alerhiya, pantal, o pagsusuka.

Ano ang mga karaniwang epekto ng bakuna sa COVID-19?

Ito ay normal at inaasahang magkaroon ng ilang mga reaksyon pagkatapos mong matanggap ang bakuna sa COVID-19. Ito ay isang palatandaan na ang bakuna ay gumagana at ang iyong katawan ay gumagawa ng proteksyon. Maaaring kabilang sa mga karaniwang epekto ang pagkapagod, pangingingin, pananakit, pamumula, pamamaga, at pangangati kung saan ibinigay ang bakuna.

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa anumang mga sintomas na nagkaroon ka pagkatapos matanggap ang bakuna, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o tumawag sa 811 para sa payo.

Ligtas ba ang mga bakuna para sa mga batang 12 taong gulang at mas matanda?

Oo, ang mga bakunang Pfizer at Moderna ay parehong ligtas at epektibo para sa mga batang 12 taong gulang at mas matanda. Ito ay batay sa pananaliksik at ebidensya mula sa buong mundo. Kasalukuyang isinasagawa ang mga pagsubok sa maraming bansa upang matukoy kung ligtas at epektibo ang mga bakuna para sa mga batang wala pang 12 taong gulang.

99.98% ng mga nabakunahang taga-Alberta ay hindi nagkaroon ng malubhang mga epekto

Ang bakuna ba ay nakakapinsala sa mga buntis o isang taong nagpapasuso?

Hindi. Walang ebidensya na ang mga bakuna sa COVID-19 ay nakakapinsala para sa mga buntis, o nagpapasuso, o sa kanilang mga sanggol. Sa katunayan, ang mga buntis ay mahigpit na inirerekomenda na ganap na mabakunahan dahil sila ay nasa mataas na panganib ng malubhang mga kahihinatnan dahil sa mga variant ng COVID-19 na kasalukuyang kumakalat.

Walang ebidensya na ang mga bakuna sa COVID-19 ay nakakaapekto sa kakayahang magka-anak

Nakakapinsala ba ang bakuna sa aking kakayahang magka-anak o kalusugan ng pampag-anak?

Hindi. Ang bakuna ay hindi nakakaapekto sa kakayahang magka-anak o kalusugan ng pampag-anak. Ang pagkakaroon ng COVID-19, sa kabilang banda, ay maaaring magkaroon ng potensyal na malubhang epekto sa pagbubuntis at kalusugan ng ina.

Ang bakuna sa COVID-19 ay ligtas din kung ikaw ay nagpapasuso at nagpipiga ng iyong gatas para sa iyong sanggol.

Ilang mga pagkamatay ang naiugnay sa bakuna?

Sa Alberta, mayroong 1 nasawi kasunod ng bakunang AstraZeneca COVID. Ihambing ito sa mahigit sa 2,900 na mga pagkamatay mula sa COVID-19 sa Alberta

Pagprotekta sa sistema ng kalusugan

Bakit ba ang sinuman ay may pagmamalasakit kung kukuha ako ng bakuna?

Ang Alberta ay may limitadong bilang ng mga kama sa ospital at intensive care yunit na magagamit sa isang pagkakataon. Sa taglagas na ito, ang COVID-19 ay lumikha ng isang pagsilakbo ng mga taong nangangailangan ng pangangalaga sa ospital. Karamihan sa mga taong ito ay hindi nakakuha ng parehong dosis ng bakuna.

Higit sa dinoble ng Alberta ang bilang ng mga kama sa ICU na magagamit upang gamutin ang mga pasyenteng ito, ngunit ang paggawa nito ay nangangahulugan ng pagpapaliban ng mga operasyon para sa libu-libong mga taga-Alberta at paglilipat ng mga mapagkukunan ng pangangalagang pangkalusugan mula sa ibang mga pasyente.

Maaaring maprotektahan ng pagpapabakuna ang iyong kalusugan, gayundin ang kalusugan ng ibang tao at ang sistema ng kalusugan na inaaasahan ng bawat taga-Alberta.

Bakit hindi na lang magdagdag ng higit pang mga kama? Bakit kanselahin ang mga operasyon upang gamutin ang mga pasyente ng COVID-19?

Palaging abala ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng Alberta. Nagawa ng mga Serbisyong Pangkalusugan ng Alberta [Alberta Health Services] na mapataas ang matinding pangangalaga at kapasidad ng ICU ng Alberta sa lahat ng apat na alon ng pandemya, kabilang ang pagdaragdag ng higit sa 200 karagdagang mga espasyo ng ICU sa ikaapat na alon.

Gayunpaman, ang mga mapagkukunan ng pangangalagang pangkalusugan ay may hangganan, at ang AHS ay maaari lamang magbukas ng mga karagdagang kama kung mayroon silang mga manggagamot at iba pang mga propesyonal na mag-aalaga sa mga pasyente sa mga kamang iyon.

Kapag ang COVID-19 ay nagpadala ng maraming tao sa ospital, ang AHS ay napipilitang ipagpaliban ang ilang naka-iskedyul na operasyon upang muling ipadala ang mga pangkat ng kirurhiko sa aming masinsinan at kritikal na pangangalagang kama. Ang paggawa nito ay nakakabawas din sa bilang ng mga kirurhikong pasyente na maaaring mangailangan ng pangangalaga sa ICU pagkatapos ng kanilang operasyon.

Programang mga sa mga Paghihigpit sa Iksemsyon

Maraming mga restawran, mga sinehan, at iba pang mga negosyo o mga pasilidad ay nagpatupad ng mga Programang sa Paghihigpit sa Iksemsyon

Ang mga lugar na ito ay mangangailangan sa iyo na magpakita ng patunay ng pagbabakuna, isang medikal na iksemasyon sa bakuna, o isang negatibong resulta ng pagsusuri sa COVID-19, na dapat mong bayaran para sa iyong sarili.

Hanggang Oktubre 25, ang patunay ng bahagyang pagbabakuna (isang dosis) ay itinuturing na katanggap-tanggap hangga't ang dosis ay ibinigay nang mahigit sa 2 linggo bago ang oras ng serbisyo. Simula Oktubre 25, kakailanganin ang patunay ng buong pagbabakuna (dalawang dosis).

Ang pagpapabakuna ay libre, at hahayaan kang makapunta sa iyong mga paboritong lugar, gaya ng dati.

Iba pang mga tanong

Kung ako ay may alerhiya sa mga itlog, dapat ba akong magpabakuna?

Oo. Ang Pfizer o ang Moderna COVID-19 na mga bakuna ay hindi naglalaman ng itlog at hindi rin ginamit ang mga itlog sa pagbuo o paggawa ng alinman sa bakuna. Gayunpaman, ang mga taong may malubhang alerhiyang reaksiyon (i.e., anaphylaxis) ay hinihikayat na manatili para sa pagmamasid sa loob ng 30 minuto pagkatapos makakuha ng bakuna.

Sapilitan ba ang mga bakuna sa COVID-19?

Hindi, ang mga bakuna ay hindi sapilitan para sa pangkalahatang publiko ngunit maaaring sapilitan para sa ilang mga manggagawa o ng ilang mga tagapag-employo. Gayundin, sa ngayon ay hindi mo maaaring ma-akses ang ilang mga negosyo o mga serbisyo kung hindi ka pa nabakunahan o nagkaroon ng kamakailang negatibong pagsusuri sa COVID-19.

Mahigpit na inirerekomenda ng mga opisyal ng kalusugan na ang lahat sa Alberta ay ganap na mabakunahan

Maaari bang magdulot ng autism ang mga bakuna sa COVID-19?

Hindi, hindi ito totoo. Walang ebidensya na nag-uugnay sa bakuna sa COVID-19 at autism.

Mayroon bang mga relihiyosong dahilan upang hindi makakuha ng bakuna sa COVID-19?

Maraming mga pinuno ng pananampalataya sa buong mundo ang nagsalita tungkol sa moral na tungkulin ng kanilang mga komunidad ng pananampalataya na magpabakuna upang makatulong na protektahan ang kanilang mga kaibigan at mga kapitbahay.

Ang mga bakuna sa COVID-19 na naaprubahan sa Canada ay hindi naglalaman ng gelatin o mga produktong baboy.

Ang mga benepisyo sa pamilya, mga kaibigan, at komunidad ay dapat ding lubos na isaalang-alang.

Maaari bang gumamit ang mga doktor ng mga alternatibong paggamot sa kanilang COVID-19 na mga pasyente?

Ang lahat ng mga manggagamot sa Canada, kabilang ang Alberta, ay may etikal at propesyonal na responsibilidad na gumamit lamang ng mga paggamot na inaprubahan ng Health Canada. Ang pag-apruba na ito ay ibinigay lamang kasunod ng mahigpit na pagsusuri upang matiyak na ang isang gamot ay ligtas at epektibo para sa mga pasyente.

Maaaring lubhang mapanganib para sa isang manggagamot na gumamit ng gamot o droga para sa pag-iwas o paggamot sa COVID-19 na hindi naaprubahan o pinahintulutan. Ang pinaka-epektibong paraan upang maprotektahan ang iyong sarili laban sa COVID-19 ay sa pamamagitan ng ganap na pagpapabakuna.

Dapat ko bang inumin ang Ivermectin sa halip na magpabakuna?

Hindi, ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan ang iyong sarili ay sa pamamagitan ng pagpapabakuna. Pinagtibayan ng lahat ng mataas na kalidad na pagsusuri ng ebidensya sa gamot na ito na walang kasalukuyang katibayan na ang pag-inom ng Ivermectin ay nakakabawas sa kalubhaan ng isang sakit sa COVID-19. Ang pag-inom ng Ivermectin nang walang pangangasiwa ng doktor ay maaaring magkaroon ng malubha, kahit nakamamatay, na mga kahihinatnan.

* Lahat ng mga istatistika mula sa Kagawaran ng Kalusugan, Pamahalaan ng Alberta. Kasalukuyan noong Oktubre 19, 2021.